

# Antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng komunikasyon at pananaliksik sa senior high school

Ompoc, Eva J.✉

Pamantasan ng Lungsod ng Pasig, Philippines ([ompoc\\_eva@plpasig.edu.ph](mailto:ompoc_eva@plpasig.edu.ph))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

Received: 15 January 2023

Revised: 20 April 2023

Accepted: 5 May 2023

OPEN ACCESS

Available Online: 31 May 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.2016

## Abstract

The general problem is determining the level of competence of Filipino teachers in developing communication and research teaching skills in Senior High Schools. The study used the descriptive research method to develop the capacity-building program. The respondents to the study were selected from Senior High Schools. As a result, the teacher has experienced problems teaching Komunikasyon and Pananaliksik because the student has no interest in the Filipino language. It is because they did not fully understand the meaning of a word. In the result presented, the following conclusions are drawn: Filipino teachers have a very satisfactory level of competence in developing the teaching skills of Komunikasyon and Pananaliksik in Senior High School, according to different bases. Furthermore, the use of innovative technology, strategies, and techniques by Filipino teachers in developing communication and research teaching skills in Senior High School can help students learn.

**Keywords:** antas ng kakayahan, mga guro, pagtuturo, komunikasyon at pananaliksik, senior high school, Filipino subject

## **Antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng komunikasyon at pananaliksik sa senior high school**

### **1. Introduksyon**

Ang edukasyon ang itinuring na pinakasandigan ng isang indibidwal sa kasalukuyang panahon. Ang naging epekto nito sa isang tao ay malaki lalo't higit sa isang bansa. Ito ang isa sa mga tumukoy ng naging uri ng pamumuhay ng isang mamamayan. Ang mga mamamayan ng isang bansa na may magandang pundasyon sa edukasyon ay naging madali sa kanila ang pag-abot ng minithing pangarap sa buhay at ang pag-unlad. Sapagkat ito ang naging tulay upang maabot nila ang tagumpay. Gayundin, ang edukasyon ang matibay na sandigan ng karunungan at kaalaman ng isang indibidwal at hindi mapasubaliang katotohanan na ang lipunan ay lalong umunlad dahil sa walang katapusang pagsikap nang hindi mabilang na mga guro at administrador. Kaugnay nito malaki ang ginampanan ng mga guro upang isakatuparan ang nilayon ng pamahalaan na magkaroon ng mataas na kalidad na edukasyon. Nararapat lamang na ang mga guro ay mayroong sapat na kakayahan upang magawa ang kanilang mga tungkulin upang epektibong ipatupad ang kanilang mandato bilang mga guro. Itinuring na malaking responsibilidad ng mga guro ang pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat sa kanyang mga kamay isinalalay ang pagtamo ng karunungan; naipakita ang lalim ng pag-unawa kung ang mga natutuhan ng mga mag-aaral ay naibahagi nila sa iba. Maraming salik ang naitakda sa pagtamo ng sapat na karunungan ng isang tao. Dito ay malaki ang ginampanan ng estado sa edukasyon at kasama na rin dito ang kaalaman maging ang pangunahing kasanayan at mga gawi't kilos na natutunan sa mga pormal na institusyong pansanayan tulad ng paaralan.

Kaugnay rin nito, sa mabilisang pagpatupad ng programang K to 12 na may layuning umunlad at ipantay ang kalidad ng edukasyon sa mga karatig na bansa, maraming suliranin ang kinaharap ng kasalukuyang kurikulum at isa na ang kakayahan ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School*. Sa kakulangan ng guro at kahandaan sa pagtuturo ay hirap ang karamihan sa pagtuturo ng nabanggit na asignatura na inaasahang may higit na mataas na pagdulog at antas sapagkat ito ay ibinaba mula sa kolehiyo patungo sa *Senior High School*. Sa kabilang banda, ang pagpatupad ng programang K to 12 ay naghimok sa mga guro na maitaas ang antas ng pagtuturo sa higit na pagkatuto ng bawat mag-aaral. Upang matamo ang layuning ito ng Kagawaran ng Edukasyon ay kinailangang taglay ng bawat guro ang sapat na kakayahan sa asignaturang kanyang itinuturo upang masiguradong matamo ang inaasahang pagkatuto ng bawat mag-aaral tungo sa paglinang ng kanilang kakayahan at talino.

Ang mga pampublikong paaralan na nasasakupan ng Sangay ng Lungsod ng Pasig ay ilan lamang sa mga paaralang patuloy na tumutugon sa pangangailangan ng mga pagbabagong naganap sa sistema ng edukasyon partikular na ang mga paaralang may programa ng *Senior High School*. Kasangkot sa usaping ito ang mga guro na may malaking responsibilidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Mga guro na sinabing kabahagi ng tinawag na “*21<sup>st</sup> Century Learning Facilitators*”. Sila ang mga guro na hindi lamang dapat umasa sa iisang aklat, iisang pamamaraan at iisang karanasan na mag-aakay sa mga mag-aaral sa iisang landas ng paglaki bagkus ay may malaking kaalaman sa mga pagbago sa larangan ng pagtuturo. Ang mga guro ay dapat ding maging gabay sa mga gawain at karanasan, sa pagsaayos at pagsaalang-alang sa kapaligirang nagdudulot ng wastong kaalaman. Kayat marapat lamang na hindi maging alipin ang mga guro ng dati nang kaalaman at dapat niyang isaisip ang mabilis na pagsulong ng lahat ng bagay lalo't higit ay dapat niyang bigyang pansin kung ang kanyang pagtuturo ay lubhang nakatulong para sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon kay Salandanan (2009), na binanggit ni Dungca (2015), ang mga guro sa kasalukuyan ay may mataas na kalagayan sa lipunan sapagkat ang kabihasan ay umaasa sa mga paaralan. Higit kaninuman, sa mga guro isinalalay ang kinabukasan ng mga kabataan. Sa mga gurong handa, marunong, dalubhasa at may dedikasyong maghubog sa kakayahan ng mga kabataan sa mga paaralan na siyang inaasahan sa kinabukasan upang tumugon

sa di-mabilang na pananagutang sinasagupa nila sa kasalukuyan. Nasa balik ng guro ang pagtuturo sa kabataan ng mahahalagang karunungan. Ang gurong may sapat na kakayahan sa loob ng bawat silid-aralan ang kailangan para sa mahusay na kalagayan ng mga mag-aaral. Dahil dito, ang pagkaroon ng sapat na kakayahan ang tatlong pinakamahalagang salik ay dapat isaalang-alang: ang kahandaan, kasanayan o sapat na kakayahan at kagandahang asal.

Maraming paghamon ang kinaharap ng mga guro sa mabilis na pag-usad ng panahon at isa na dito ay ang pagsulong ng teknolohiya na naging bahagi ng pagtuturo ng mga guro. Ang paglaganap ng kompyuter sa buong daigdig, E-mail, E-knowledge, fax machine at lahat ng mga makabagong makinarya ay higit na nakaimpluwensya sa sangkatauhan. Gayundin naman, ang mga guro ay inasahang may kasanayan sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya nang sa gayo'y maging madali ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kaya minabuti ng mananaliksik ng pag-aaral na ito na sukatin ang antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik ayon sa sariling pananaw ng mga guro at mga mag-aaral. Gayundin, tukuyin ang mga suliraning kinaharap ng mga guro sa Filipino na nagtuturo ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa antas ng *Senior High School*. Mahalagang matuklasan ang mga bagay na ito upang maimungkahi ng mga solusyon upang higit na maitaas ang antas ng kasanayan ng mga guro na nagtuturo ng nabanggit na asignatura upang tugunan ang pangangailangan para itaas ang kalidad ng edukasyon.

Ayon sa pag-aaral ni Atanacio-Cruzado (2010), ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ay lubhang mabisa sapagkat ito ay makatutulong upang higit na matugunan ang mabilis na pagbago sa sistema ng edukasyon. Kaya't marapat lamang na pagtuunan ng higit na pansin ang mga pagsasanay na makatutulong sa paghubog sa kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School*.

### 1.1 Layunin

Nilayon ng pag-aaral na ito na sukatin at alamin ang antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School*. Sinikap sa pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan: Ano ang antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa sariling pananaw ng mga guro at mag-aaral batay sa pagkamalikhain at inobasyon; kahandaan sa pagtuturo; kasanayan sa pagtuturo; kasanayan sa pamamahala; kasanayan sa pamamatnubay; pag-uugali sa trabaho; at kasanayan sa paggamit ng *computer*? Sa ano -anong *dimension* makikita ang kahusayan at kahinaan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik? Anong mga suliranin ang nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik? Anong *capability building program* ang maaaring buoin upang tugunan ang pagtuturo ng mga guro sa Komunikasyon at Pananaliksik.

## 2. Metodolohiya

Ang mga kasangkot sa pag-aaral ay binuo ng dalawang grupo. Una, ang grupo ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik mula sa mga paaralan sa Sangay ng Lungsod ng Pasig na mayroong programa para sa mga mag-aaral sa *Senior High School*. Ang mga paaralang ito ay ang *Eusebio High School* mula sa Barangay Rosario, *San Lorenzo Senior High School* mula sa Barangay Manggahan, *Santolan High School* na matatagpuan naman sa Barangay Santolan, *Rizal High School*, *Buting Senior High School*, at *Kapitolyo High School*. Ginamit ang *purposive sampling technique* upang mapili ang mga kasangkot ng guro. Nilayon ng pag-aaral na ito na kunin ang pananaw ng lahat ng gurong nagtuturo ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik mula sa nabanggit na mga paaralan.

Ang ikalawang grupo namang naging kasangkot sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral mula sa mga nabanggit na paaralan mula sa Sangay ng Lungsod Pasig na nag-aaral ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School*. Ginamit ang *cluster sampling* upang matukoy ang isandaan at limampung (150) mag-aaral

na naging bahagi ng pag-aaral. Ang mga mag-aaral ay nagbigay ng kanilang pananaw ukol sa antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* sa pamamagitan ng pagsagot sa tseklist na talatanungang ibinigay sa kanila.

**Instrumento ng Pananaliksik** - Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay ang tseklist ng talatanungan upang matukoy ang antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa pansariling pananaw ng mga guro at mag-aaral batay sa pagkamalikhain at inobasyon, kahandaan sa pagtuturo, kasanayan sa pagtuturo, kasanayan sa pamamahala, kasanayan sa pamamatnubay, pag-uugali sa trabaho, at kasanayan sa paggamit ng *computer*. Mayroon itong iskala mula 1 hanggang 5, saklaw, at katumbas na berbal na interpretasyon na naging basehan para sa ebalwasyon ng mga kasangkot ng pag-aaral.

Ang tseklist na talatanungan ay ginawa ng mananaliksik. Ito ay nagdaan sa balidasyon ng nilalaman mula sa mga eksperto sa nasabing disiplina. Matapos ang balidasyon ay agad na isinaayos ng mananaliksik ang tseklist na talatanungan ayon sa mga suhestyon at rekomendasyon ng mga eksperto. Ang mananaliksik ay humingi rin ng kaukulang pahintulot mula sa mga nakasasakop na kasangkot sa pag-aaral bago ito isinagawa. Matapos bigyan ng pahintulot ang mananaliksik, sinimulan nang ibigay at pasagutan sa mga kasangkot sa pag-aaral ang mga tseklist ng talatanungang nabuo sa tulong ng mga eksperto. Ang mga kasangkot sa pag-aaral ay pinili sa pamamagitan ng naaayon na *sampling technique*. Ang mga naging bahagi ng pag-aaral ay ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik mula sa Sangay ng Lungsod ng Pasig at gayundin ang mga mag-aaral na kasalukuyang nag-aaral ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik mula sa nasabing Sangay

### 3. Paglalahad ng Resulta

Inilalahad dito ang analisis at pagbibigay kahulugan sa mga nakalap na datos mula sa pauna at panapos na pagsubok ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat na tinuruan gamit ang tradisyonal na pamamaraan at Filtech Web Apps sa pagtuturo ng kasanayang persweysib at kasanayang naratibo. Ang lahat ng resulta ay ginamitan ng ibang iba't istatistikal na pamamaraan, para maipakita ang tunay na resulta at walang pinapanigan

#### Talahanayan 1

##### *Distribusyon ng mga Partisipante*

Paaralan	Guro			Estudyante		
	N	%	n	N	%	N
A	5	100	5	503	14.93	22
B	2	100	2	400	11.88	18
C	1	100	1	118	3.51	5
D	10	100	10	1,200	35.64	54
E	10	100	10	1,019	30.27	45
F	2	100	2	126	3.74	6
Kabuuang Bilang	30		30	3,366		150

*Legend:* N-populasyon, n-sample.

#### Talahanayan 2

##### *Antas ng kakayahan ng mga Guro batay sa Pagkamalikhain at Inobasyon*

Indicators	Mean	Interpretation
Gumagamit ng iba't ibang larawan at iba pang mga kagamitan sa pagtuturo.	3.92	Mahusay
Nagbibigay ng iba't ibang gawain upang mahubog ang kaalaman ng mga mag-aaral.	4.28	Mahusay
Gumagamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo kagaya ng <i>computer at projector</i> .	4.48	Mahusay
Naipapakita ang pagiging malikhain ng guro sa pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang teknolohiya sa pagtuturo.	4.04	Mahusay
Gumagamit ng iba't ibang dulog o estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagiging malikhain at inobasyon.	3.80	Mahusay
Average	4.10	Mahusay

Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang mga guro sa Komunikasyon at Pananaliksik ay gumagamit ng iba't

ibang gawain at materyales na nakakatulong upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang nasabing asignatura sa tulong ng iba't ibang teknolohiya. Pinagtibay sa pag-aaral ni Luna (1996), ang paggamit ng modyul at iba pang paraan sa pagtuturo at mabisang kagamitan sa ganap na pagkatuto sa kanyang sarili at naglalahad ng mga tiyak na takdang gawain sa isang karanasang sistematiko, ito ay naglalayong makagamit ang mga mag-aaral sa kanyang sarili ng walang aklat at patnubay ng guro.

Ang Talahanayan 3 naman ay naglalahad ng tinuos na *mean* ng antas ng kakayahan ng mga guro sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa sariling pananaw ng mga guro at mga mag-aaral batay sa Kahandaan sa Pagtuturo.

### Talahanayan 3

#### *Antas ng Kakayahan ng mga Guro Batay sa Kahandaan sa Pagtuturo*

Indicators	Mean	Interpretation
Nakapagpapamalas ng kahandaan sa pagtuturo sa <i>Senior High School</i> .	4.32	Mahusay
Nakapaglalarawan at nakapagbabahagi ng impormasyon hinggil sa paksang itinuturo.	4.36	Mahusay
Naiuugnay ang mga aralin sa mga pangyayari para sa madaling pagkatuto ng mga mag-aaral.	4.36	Mahusay
Mayroon sapat na <i>seminar</i> at pagsasanay kaugnay sa pagtuturo.	4.12	Mahusay
Mayroong sapat na kaalaman sa ibat ibang estratehiya at sistema sa pagtuturo sa asignatura para sa epektibong pagsasakatuparan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.	4.16	Mahusay
Average	4.26	Mahusay

Matatagpuan sa talahanayan 3 na 'Mahusay' na naipamalas ng mga guro sa Komunikasyon at Pananaliksik ang kahandaan sa pagtuturo ayon sa pananaw ng mga respondante. Masasabing ang mga guro ay nakapagpapamalas ng kahandaan sa pagtuturo sa *Senior High School*, Nakapaglalarawan at nakapagbabahagi ng impormasyon hinggil sa paksang itinuturo, Naiuugnay ang mga aralin sa mga pangyayari para sa madaling pagkatuto ng mga mag-aaral, Mayroon sapat na *seminar* at pagsasanay kaugnay sa pagtuturo, at Mayroong sapat na kaalaman sa ibat ibang estratehiya at sistema sa pagtuturo sa asignatura para sa epektibong pagsasakatuparan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpahiwatig na ang mga guro ay may sapat na kahandaan bago magturo at lumalahok sa iba't-ibang mga pagsasanay na makakadagdag ng kaalaman sa pagtuturo. Pinagtibay ito ng konsepto ni Erikson (1992), na ang guro sa lahat ng oras o panahon ay nangangailangan ng mga kagamitan na halos abot kamay upang maging bahagi ng pagkatuto nang sa gayon ang impormasyong makukuha ng mga mag-aaral ay kapani-paniwala. Ipinakikita naman sa Talahanayan 4 ang tinuos na *mean* ng antas ng kakayahan ng mga guro sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa sariling pananaw ng mga guro at mga mag-aaral batay sa Kasanayan sa Pagtuturo.

Ayon sa Talahanayan 4 ang mga guro ay 'Mahusay' na 'Binibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maipamalas ang kanilang kakayahan, ideya at konsepto ng mga impormasyon', 'Maingat na binubuo ang mga layunin sa pagtuturo sa maayos at malinaw na pamamaraan', 'Naipapakita at naipapaliwanag nang maayos at malinaw ang mga ideya at konsepto', at 'Naibabahagi ang mga kaalaman kaugnay sa mga aralin na itinuturo sa mga mag-aaral gamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo' at may mga sumusunod na *mean* na 4.44, 4.20, 4.32, at 4.28. Ito at may kabuoang *mean* na 4.27 at may iterpretasyon na 'Mahusay'. Ipinapakita sa pag-aaral na ito na ang mga guro sa *Senior High School* na nagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik ay kinakailangang mayroong sapat na kasanayan at kaalaman sa pagtuturo. Pinagtibay ng resulta na ito ang konsepto ni Bellin (2007), na ang epektibong pagtuturo ay nakasalalay kung paano inalam ng mga guro ang interes ng mga mag-aaral upang magkaroon ng kaalaman kung ano ang higit na kailangan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagkakatao.

Ipinakikita naman sa Talahanayan 5 sa susunod na pahina ang tinuos na *mean* ng antas ng kakayahan ng mga guro sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa sariling pananaw ng mga guro at mga mag-aaral batay sa Kasanayan sa Pamamahala. Makikita sa talahanayan 4 na ang mga guro ayon sa pananaw ng mga partisipante ng pag-aaral batay sa kasanayan sa pamamahala sa loob ng silid-aralan ay 'Napakahusay' na may kabuoang *mean* na 4.58.

**Talahanayan 4***Antas ng Kakayahan ng mga Guro Batay sa Kasanayan sa Pagtuturo*

Indicators	Mean	Interpretation
Binibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maipamalas ang kanilang kakayahan, ideya at konsepto ng mga impormasyon.	4.44	Mahusay
Maingat na binubuo ang mga layunin sa pagtuturo sa maayos at malinaw na pamamaraan.	4.20	Mahusay
Naipapakita at naipapaliwanag nang maayos at malinaw ang mga ideya at konsepto.	4.32	Mahusay
Naisasakatuparan ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto gamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo.	4.12	Mahusay
Naibabahagi ang mga kaalaman kaugnay sa mga aralin na itinuturo sa mga mag-aaral gamit ang ibat ibang estratehiya sa pagtuturo.	4.28	Mahusay
Average	4.27	Mahusay

**Talahanayan 5***Antas ng Kakayahan ng mga Guro batay sa Kasanayan sa Pamamahala*

Indicators	Mean	Interpretation
Sinisimulan at tinatapos ang klase sa tamang oras.	4.68	Napakahusay
Napapanatili ang kaayusan at disiplina sa loob ng silid aralan.	4.60	Napakahusay
Binibisita at itinatama ang gawain ng mga mag-aaral.	4.72	Napakahusay
Nagpapakita ng respeto sa mga mag-aaral.	4.48	Mahusay
Napapanatili ang istriktong disiplina sa mga mag-aaral.	4.40	Mahusay
Average	4.58	Napakahusay

Lumabas sa pag-aaral na ito na ang mga guro na nagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik ay 'Napakahusay' na 'Sinisimulan at tinatapos ang klase sa tamang oras', 'Napapanatili ang kaayusan at disiplina sa loob ng silid aralan', 'Binibisita at itinatama ang gawain ng mga mag-aaral', 'Nagpapakita ng respeto sa mga mag-aaral' at 'Napapanatili ang istriktong disiplina sa mga mag-aaral'. Binibisita at itinatama ang gawain ng mga mag-aaral, 'Nagpapakita ng respeto sa mga mag-aaral' at 'Napapanatili ang istriktong disiplina sa mga mag-aaral' na mayroong mean na 4.68, 4.60, at 4.72. Sa kabilang banda, 'Mahusay' na 'Nagpapakita ng respeto sa mga mag-aaral' at 'Napapanatili ang istriktong disiplina sa mga mag-aaral' at mayroong mean na 4.48 at 4.40.

Sinalamin sa pag-aaral na ito na importante na ang isang guro mayroong sapat na Kasanayan sa Pamamahala na nakatutulong upang epektibong maibahagi ang kanilang kaalaman sa mga mag-aaral sa *Senior High School*. Pinagtibay ito ng konsepto ni Jacob (2006), ang kahalagahan ng gawi at kilos ng guro at mag-aaral. Kailangang batid ng guro ang gawi ng mga mag-aaral na maaaring pagmulan ng mga problema upang mabigyan agad ng solusyon upang hindi makasagabal sa larangan ng pagkatuto. Gayundin sa pag-aaral ni Urgelles (2008), binanggit na ang paraan ng pagkatuto ay ang palagiang gawi at pamamaraan kung paano ang isang mag-aaral tumugon sa mga karanasang pang edukasyon. Ang kanyang natutuhan ay nagiging kabuoan ng kanyang kakanyahang pangkaisipan, pandamdamin at pangkatawan.

Ang Talahanayan 6 naman ay naglalahad ng tinuos na *mean* ng antas ng kakayahan ng mga guro sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa sariling pananaw ng mga guro at mga mag-aaral batay sa Kasanayan sa Pamamatnubay.

**Talahanayan 6***Antas ng Kakayahan ng mga Guro Batay sa Kasanayan sa Pamamatnubay*

Indicators	Mean	Interpretation
Napauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral alinsunod sa sarili nilang kaparaanan.	4.16	Mahusay
Nabibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na maipamahagi at maipakita ang natatanging kakayahan sa pamamatnubay at paggabay upang higit na maging kapaki-pakinabang ang paraan ng pagkatuto.	4.44	Mahusay
Nakagagamit ng ibat ibang pamamaraan sa pagtuturo na nagbibigay daan sa mga mag-aaral sa mabilisang pag-unawa ng mga konseptong kailangan upang lubusang maunawaan ang paksang itinuturo.	4.24	Mahusay
Naisasakatuparan ang mga layunin kaugnay ng pagkatuto ng mga aralin gamit ang sistematikong paraan sa pagtuturo.	4.40	Mahusay
Nagagabayan ang mga mag-aaral sa <i>Senior High School</i> sa paggawa ng mga proyekto sa	4.64	Napakahusay

Makikita sa Talahanayan 6 na ang mga guro na nagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik batay sa kasanayan sa pamamatnubay ay ‘Mahusay’ na ‘Napauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral alinsunod sa sarili nilang kaparaanan’, ‘Nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maipamahagi at maipakita ang natatanging kakayahan sa pamamatnubay at paggabay upang higit na maging kapaki-pakinabang ang paraan ng pagkatuto’, ‘Nakagagamit ng iba’t ibang pamamaraan sa pagtuturo na nagbibigay daan sa mga mag-aaral sa mabilisang pag-unawa ng mga konseptong kailangan upang lubusang maunawaan ang paksang itinuturo’, ‘Naisasakatuparan ang mga layunin kaugnay ng pagkatuto ng mga aralin gamit ang sistematikong paraan sa pagtuturo’, at na mayroong mga sumusunod na *mean* na 4.16, 4.44, 4.24, at 4.40 Gayunman, ang mga guro ay ‘Napakahusay’ na ‘Nagagabayan ang mga mag-aaral sa *Senior High School* sa paggawa ng mga proyekto sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik alinsunod sa ipinatutupad ng K to 12 Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon’ at may *mean* na 4.64

Ang pag-aaral na ito ay nagpahiwatig na mayroong sapat na antas ng kasanayan sa pamamatnubay ang mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School*. Ang Talahanayan 7 naman ay naglalahad ng tinuos na *mean* ng antas ng kakayahan ng mga guro sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa sariling pananaw ng mga guro at mga mag-aaral batay sa Pag-uugali sa Trabaho.

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita na ang kakayahan ng mga guro sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik ay ‘Napakahusay’ na ‘Gumagamit ng magaganda at akmang salita sa pagtuturo’, ‘Nahahayaan ang mga mag-aaral na maihayag at maipakita ang kanyang kaalaman sa aralin’, at ‘Nagbibigay ng pagsusulit at naibabalik ang resulta sa takdang- panahon’ na may mga *mean* na 4.60, 4.56, at 4.60. Sa kabilang dako, ‘Mahusay’ na ‘Nakapaglalaan ng oras at panahon sa mga mag-aaral kahit hindi sa kanyang opisyal na pamamaraan’ at ‘Nakapagbabalik-aral sa mga araling natalakay kapag nagiging mababa ang resulta sa pagsusulit’ na mayroong *mean* na 3.88 at 4.12. Sa kabuuan, mayroon 4.35 na *average* at may interpretasyon na ‘Napakahusay’.

### Talahanayan 7

#### Antas ng Kakayahan ng mga Guro batay sa Pag-uugali sa Trabaho

Indicators	Mean	Interpretation
Nakapaglalaan ng oras at panahon sa mga mag-aaral kahit hindi sa kanyang opisyal na pamamaraan.	3.88	Mahusay
Gumagamit ng magaganda at akmang salita sa pagtuturo.	4.60	Napakahusay
Nahahayaan ang mga mag-aaral na maihayag at maipakita ang kanyang kaalaman sa aralin.	4.56	Napakahusay
Nagbibigay ng pagsusulit at naibabalik ang resulta sa takdang- panahon.	4.60	Napakahusay
Nakapagbabalik-aral sa mga araling natalakay kapag nagiging mababa ang resulta sa pagsusulit.	4.12	Mahusay
Average	4.35	Mahusay

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumalamin na mahalaga sa isang guro ang kanyang pag-uugali na may kinalaman sa pagtuturo ng asignatura. Nangangahulugan ito na ang mga guro ay napakahusay sa paggamit ng magaganda at akmang salita sa pagtuturo, nagbibigay ng pagsusulit at naibabalik ang resulta sa takdang-panahon, at hinahayaan ang mga mag-aaral na maihayag at maipakita ang kanyang kaalaman sa aralin. Ito ay nagpahiwatig na positibo ang pag-uugali sa trabaho ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School*.

Ipinakikita naman sa Talahanayan 8 ang tinuos na *mean* ng antas ng kakayahan ng mga guro sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa sariling pananaw ng mga guro at mga mag-aaral batay sa Kasanayan sa Paggamit ng *computer*.

## Talahanayan 8

### *Antas ng Kakayahan ng mga Guro batay sa Kasanayan sa Paggamit ng Computer*

Indicators	Mean	Interpretation
Nakagagamit ng <i>computer</i> at iba't ibang makabagong teknolohiya sa pagtuturo sa loob ng klase para sa pagkatuto ng mga mag-aaral.	4.16	Mahusay
Nagtataglay ng sapat na kaalaman sa paggawa ng <i>Powerpoint</i> presentation upang magamit sa pagtuturo.	4.44	Mahusay
Naisasakatuparan ang pag-abot sa layunin ng pagtuturo ng asignatura gamit and modernong teknolohiya.	4.36	Mahusay
Average	4.32	Mahusay

Makikita sa Talahanayan 8 'Mahusay' na naipakita ng mga guro ang kanilang kasanayan sa paggamit ng *Computer* na mayroong kabuoang mean na 4.32. Ipinapakita nito na ang mga guro na nagtuturo sa Komunikasyon at Pananaliksik ay nakagagamit ng *computer* at iba't ibang makabagong teknolohiya sa pagtuturo sa loob ng klase para sa pagkatuto ng mga mag-aaral, nagtataglay ng sapat na kaalaman sa paggawa ng *Powerpoint* presentation upang magamit sa pagtuturo at maisakatuparan ang pag-abot sa layunin ng pagtuturo ng asignatura gamit and modernong teknolohiya.

Ayon sa pag-aaral na ito, naaninag na ang mga guro ay kayang sumabay at gumamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagtuturo upang mas mapabilis at madaling maunawaan ng mga estudyante ang kanilang pinag-aaralan. Pinagtibay ito ni Peñaranda (2003) na higit na nakatutulong sa makabuluhang pagkatuto ang paggamit ng mga makabagong teknik sa pagtuturo at mga makabagong kagamitang pampagtuturo na kaakibat sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya na higit na dudukal sa kaalaman ng mga mag-aaral. Pinagtibay din ni Suinan (2018), sa kanyang tesis na pagdating sa teknolohiya, maitutuon ng mga guro ang kanilang mga aralin nang maayos, nagagawang higit na kawili-wili at madaling maunawaan ang pag-aaral at napasisigla ang mas mataas na kasanayan sa pag-iisip.

Ipinakikita naman sa Talahanayan 9 ang tinuos na pangkalahatang *average mean* ng antas ng kakayahan ng mga guro sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa sariling pananaw ng mga guro at mga mag-aaral ayon sa iba't ibang batayan. Ipinakikita sa Talahanayan 9 na ang mga kakayahan ng mga guro sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo sa Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral ay 'Napakahusay' 'Kasanayan sa Pamamahala' at may mean na 4.58. Gayunman, 'Mahusay' sa 'Pagkamalikhain at Inobasyon', 'Kahandaan sa Pagtuturo', 'Kasanayan sa Pagtuturo', 'Kasanayan sa Pamamatnubay', 'Pag-uugali sa Trabaho', at 'Kasanayan sa Paggamit ng *Computer*'. Ito ay mayroong mga mean na 4.10, 4.26, 4.27, 4.38, 4.35, at 4.32. Masasabing ansg antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik ay 'Mahusay'.

## Talahanayan 9

### *Pangkalahatang Antas ng Kakayahan ng mga Guro ayon sa Iba't bang batayan*

Batayan	Average	Interpretation
Pagkamalikhain at Inobasyon.	4.10	Mahusay
Kahandaan sa Pagtuturo.	4.26	Mahusay
Kasanayan sa Pagtuturo.	4.27	Mahusay
Kasanayan sa Pamamahala.	4.58	Napakahusay
Kasanayan sa Pamamatnubay.	4.38	Mahusay
Pag-uugali sa Trabaho.	4.35	Mahusay
Kasanayan sa Paggamit ng <i>Computer</i> .	4.32	Mahusay
Grand Mean	4.32	Mahusay

Sinalamin sa pag-aaral na ito na ang mga guro na nagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik ay kinakailangan pang maging mas malikhain at mag-isip ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang higit pang maabot ang mas mataas na antas ng kakayahan sa pagtuturo ng nasabing asignatura.

### *Mga Dimensyon na Nakitaan ng Kahusayan at Kahinaan ng mga Guro sa Filipino sa Paglinang ng mga*



**Kasanayan sa Pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik**

Ipinakikita sa Talahanayan 10 ang tinuos na *mean* ng mga dimensyong makikita ang kahusayan at kahinaan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik.

**Talahanayan 10**

*Mga Dimensyong Makikita ang Kahusayan at Kahinaan ng mga Guro sa Filipino*

Indicators	Mean	Interpretation
Sinisimulan at tinatapos ang klase sa tamang oras.	4.68	Napakahusay
Napapanatili ang kaayusan at disiplina sa loob ng silid- aralan.	4.60	Napakahusay
Binibisita at itinatama ang gawain ng mga mag-aaral.	4.72	Napakahusay
Nagagabayan ang mga mag-aaral sa <i>Senior High School</i> sa paggawa ng mga proyekto sa asignaturang komunikasyon at pananaliksik alinsunod sa ipinatutupad ng K to 12 Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon.	4.64	Napakahusay
Gumagamit ng magaganda at akmang salita sa pagtuturo.	4.60	Napakahusay
Gumagamit ng iba't ibang larawan at iba pang mga kagamitan sa pagtuturo.	3.92	Mahusay
Naipapakita ang pagiging malikhain ng guro sa pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang teknolohiya sa pagtuturo.	4.04	Mahusay
Gumagamit ng iba't ibang dulog o estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagiging malikhain at inobasyon.	3.80	Mahusay
Nakapaglalaan ng oras at panahon sa mga mag-aaral kahit hindi sa kanyang opisyal na pamamaraan.	3.88	Mahusay
Nakapagbabalik-aral sa mga araling natalakay kapag nagiging mababa ang resulta sa pagsusulit.	4.12	Mahusay
<b>Average</b>	<b>4.30</b>	<b>Mahusay</b>

Mapapansin sa Talahanayan 10 ang mga dimensyong kinakitaan ng kahusayan ng mga guro sa Komunikasyon at Pananaliksik na may berbal na interpretasyon na 'Napakahusay' ay ang mga sumusunod: 'Sinisimulan at tinatapos ang klase sa tamang oras' na nakakuha ng *mean* na 4.68; 'Napapanatili ang kaayusan at disiplina sa loob ng silid- aralan' at nakakuha ng *mean* na 4.60; 'Binibisita at itinatama ang gawain ng mga mag-aaral' at nakakuha ng *mean* na 4.72; 'Nagagabayan ang mga mag-aaral sa *Senior High School* sa paggawa ng mga proyekto sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik alinsunod sa ipinatutupad ng K to 12 Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon' at may *mean* na 4.62 at 'Gumagamit ng magaganda at akmang salita sa pagtuturo' na may *mean* na 4.60.

Gayundin ipinakita sa parehong talahanayan ang mga dimensyong kinakitaan ng kahinaan ng mga guro na may berbal na interpretasyon na 'Mahusay' ay ang mga sumusunod: 'Gumagamit ng iba't ibang larawan at iba pang mga kagamitan sa pagtuturo' at nakakuha ng *mean* na 3.92; 'Naipapakita ang pagiging malikhain ng guro sa pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang teknolohiya sa pagtuturo' na may *mean* na 4.04; 'Gumagamit ng iba't ibang dulog o estratehiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagiging malikhain at inobasyon' at may *mean* na 3.80; 'Nakapaglalaan ng oras at panahon sa mga mag-aaral kahit hindi sa kanyang opisyal na pamamaraan' na may *mean* na 3.88 at 'Nakapagbabalik-aral sa mga araling natalakay kapag nagiging mababa ang resulta sa pagsusulit' at may *mean* na 4.12. Sumakatuwid ang mga guro na nagtuturo ng nasabing asignatura ay kinakailangang pang magsanay at paunlarin ang mga kakayanan ng kanilang sarili sa pagtuturo na may kinalaman sa paggamit ng iba't ibang materyales sa pagtuturo, paglalaan ng ekstrang oras, at pagbabalik- aral.

**Mga Suliranin na Nararanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik**

Ipinakikita naman sa Talahanayan 11 ang tinuos na *frequency* at *rank distribution* ng mga suliraning nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik.

**Talahanayan 11**

*Suliraning Nararanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik*

Indicators	Frequency	Rank
Kakulangan ng reperensyal o aklat at sanggunian para sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik na para sa Guro at Mag-aaral	5	3.5

Naging suliranin ang makapag-isip at makagamit ng mga makabagong estratehiya na angkop sa kagustuhan ng mga mag-aaral at iba't ibang suliranin o istilo sa pagbuo ng mga pamagat pa lamang.	5	3.5
Kakulangan sa interes o pokus ng mga bata sa asignatura at pananaliksik lalo na't sa isip nila'y mahirap ang Filipino dahil na rin sa mga salitang mahirap dito, tamad din kasi ang mga bata na magbasa at magsaliksik at marami sa mga mag-aaral ang nagpapamalas ng katamaran at kawalang interes sa asignaturang Pananaliksik.	8	1 <sup>st</sup>
May mga mag-aaral na salat sa paggamit/pagbuo ng wastong pangungusap/talata at paggamit ng mga bantas sa pagsulat at kaalaman sa pananaliksik.	7	2 <sup>nd</sup>
Limitado ang <i>internet connection</i> .	1	7 <sup>th</sup>
Walang tamang <i>seminar</i> na ibinibigay. Pahapyaw lang ang paksa na itinuturo ng mga tagapagsalita sa <i>seminar</i> .	2	6 <sup>th</sup>
Halos ang mga <i>Senior High School</i> na estudyante ay tamad magbasa ng Filipino kaya sila ay nahihirapan at nagiging suliranin ko ito lalo sa asignaturang itinuturo ko.	3	5 <sup>th</sup>

### ***Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita sa mga suliraning nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik.***

Batay sa tinuos na *mean* sa mga suliraning nararanasan ng mga guro; lima (50 ang nagsabing mayroong 'Kakulangan ng reperensyal o aklat at sanggunian para sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik na para sa Guro at Mag-aaral'; lima (5) ang nagsabing 'Naging suliranin ang makapag-isip at makagamit ng mga makabagong estratehiya na angkop sa kagustuhan ng mga mag-aaral at iba't ibang suliranin o istilo sa pagbuo ng mga pamagat pa lamang'; walo (8) ang may problema sa 'Kakulangan sa interes o pokus ng mga bata sa asignatura at pananaliksik lalo na't sa isip nila'y mahirap ang Filipino dahil na rin sa mga salitang mahirap dito, tamad din kasi ang mga bata na magbasa at magsaliksik at marami sa mga mag-aaral ang nagpapamalas ng katamaran at kawalang interes sa asignaturang Pananaliksik'; pito (7) ang 'May mga mag-aaral na salat sa paggamit/pagbuo ng wastong pangungusap/talata at paggamit ng mga bantas sa pagsulat at kaalaman sa pananaliksik'; isa (1) naman ang may problema sa pagkakaroon ng 'Limitado ang *internet connection*'; dalawa (2) 'Walang tamang *seminar* na ibinibigay. Pahapyaw lang ang paksa na itinuturo ng mga tagapagsalita sa *seminar*' at tatlo ang nagsasabi na 'Halos ang mga *Senior High School* na estudyante ay tamad magbasa ng Filipino kaya sila ay nahihirapan at nagiging suliranin ko ito lalo sa asignaturang itinuturo ko'.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagbunyag na karamihan sa mga guro na nagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik ay may problema. Kakulangan sa interes o pokus ng mga bata sa asignatura at pananaliksik lalo na't sa isip nila'y mahirap ang Filipino dahil na rin sa mga salitang mahirap dito, tamad din kasi ang mga bata na magbasa at magsaliksik at marami sa mga mag-aaral ang nagpapamalas ng katamaran at kawalang interes sa asignaturang Pananaliksik at isa (1) lamang sa mga guro ay may problema sa Limitadong *Internet connection*. Pinapatunayan lamang sa pag-aaral na ito karamihan sa mga mag-aaral ngayon ay walang interes at kinakatamaran ang pananaliksik. Kinakatamaran na rin nila ang magbasa na isa sa mga pangunahing kasanayan na dapat taglayin habang nagsasaliksik.

#### **4. Konklusyon at Rekomendasyon**

Sa pamamagitan ng inilahad na pagbubuod ng pananaliksik na ito nabuo ang mga susmusunod na kongklusyon:

- Ang mga guro sa Filipino ay may mahusay sa antas ng kakayahan sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa *Senior High School* ayon sa iba't ibang batayan.
- Napagtanto sa pag-aaral na ito na ang mga guro na nagtuturo ng Wika at Pananaliksik ay mahusay sa pagkamalikhain at inobasyon, kahandaan sa pagtuturo, kasanayan sa pagtuturo, kasanayan sa pamamatnubay, pag-uugali sa trabaho, at kasanayan sa paggamit ng *computer*. Dahil dito sila ay nangangailangan pa ng mga *seminar* at *workshop* upang ang mga nasabing batayan ay mapaunlad at maging napakahusay.
- Karamihan sa mga guro ay may suliranin sa mga estudyante na may kakulangan ng interes o pokus sa

asignatura, katamaran dahil sa ayaw nilang magbasa at ang pangunahing kasanayan na dapat taglayin sa asignaturang ito. Problema din nga mga guro ang limitadong *Internet Connection* sapagkat isa ito sa mga pangunahing pangangailangan ng isang guro.

**Rekomendasyon** - Sa pamamagitan ng paglalagom at paglalahad ng mga kongklusyon hinggil sa kinalabasan ng mga layunin ng pananaliksik na ito, ang mga sumusunod na mungkahi ay nabuo:

1. Hinihikayat na bumuo ang mga guro ng mga bagong kagamitang pampagtuturo, estratehiya at teknik na makakatulong upang makuha ang interes ng mga mag-aaral sa paglinang ng karunungan ng mga ito.

2. Ang mga guro sa Filipino ay hinihikayat na lumahok sa iba't ibang pagsasanay na may kinalaman sa pagpapaunlad ng antas ng kakayahan ng isang guro sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik.

3. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay hinihikayat na mapunan ang mga kakulangan sa kagamitan sa pagtuturo.

4. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kinalaman sa makabuluhang pagkakaiba ng pananaw ng mga guro at mag-aaral sa antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik.

## 5. References

- Allen, T., & Reeson, C. (2009). Active participation: ensuring student engagement. Retrieved on May 7, 2019 from <http://beyondpenguins.ehe.osu.edu/issue/polar-oceans/active-participation-ensuring-student-engagement>.
- Aloraini, Sara (2011), "The Impact of Using Multimedia on Students' Academic Achievement in the College of Education at King Saud University", Thesis
- Aquino, Gaudencia V. (1990), Principles and Methods of Teaching, Quezon City Publishing House, Inc.
- Atanacio-Cruzado, Crysalyng (2010), "Mga Pamamaraan at Antas ng Kakayahan sa Pagtuturo ng mga Guro sa Filipino ng University of Rizal System, Unpublished Master's Thesis, University of Rizal System, Morong, Rizal
- Baac, Maricel G. (2008). "Development, Validation, and Acceptability of Special Modules in Chemistry for Remedial Program", Unpublished Master's Thesis, University of Rizal System, Morong, Rizal
- Batas Pambansa Blg 232 (1988). The Education Act of 1982. Manila, Ministry of Education Culture and Sports Information Services
- Batnag, Aurora (2017). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik Unang Edisyon, Quezon City
- Beetham (2007). "Ang mga Gawain sa Pagkatuto ay Tumutukoy sa Interaksyon", naakses noong Mayo 3, 2019 sa <https://www.coursehero.com/file/p4n8nsr/Ayon-kay-Beetham-2007-ang-mga-gawain-sa-pagkatuto-ay-tumutukoy-sa-interaksyon/>
- Bennis, D. (2013). What is democratic education? Retrieved May 7, 2019 from <http://democraticeducation.org/index.php/features/what-is-democratic-education>
- Bigge, Morris L. (1992) Learning Theories for Teachers, New York: Harper Row Publisher
- Bozorgian, Hossein (2012). "Listening Skill Requires a Further Look into Second/Foreign Language Learning", Unpublished Master's Thesis, Queensland University of Technology
- Calaguas, Jema Adora V. (2015). Mga Dapat Tandaan ng Isang Mabisang Guro Upang Maging Mabisang Pagtuturo. SunStar Pampanga
- Camba, Arlan M. (2012). Komunikasyon sa Akademikong Filipino, PUP Sta. Mesa, Maynila
- Canites, L. (2015). Pakikipag-usap: Mahalagang Bahagi ng Pag-aaral" hinango noong Marso 15, 2019 sa <file:///C:/Users/Vince/Downloads/Documents/Talk%20and%20Learning%20-%20Filipino.pdf>
- Carpio, Perla S. et. al. (2012). Komunikasyon sa Akademikong Filipino, Jimcyzville Publications, Malabon City

- Castro, Rellie (2017). <https://rdcastro1.wordpress.com/2017/09/29/kahulugan-ng-pananaliksik/>
- Chen, Y. C. (2008). An Investigation of the Relationships Between Teaching Style and Studies Achievement in Miaoli Jianguo Junior High School. (unpublished master's thesis). Hsuan Chuang University, Miaoli, Taiwan. Retrieved May 7, 2019
- Corcordia University-Portland. (2017). Which is best: teacher-centered or student centered education? Retrieved on May 7, 2019 from <https://education.cu-portland.edu/blog/classroom-resources/which-is-best-teacher-centered-or-student-centered>
- De Laza-Sicat, Crizel (2017). Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik, Unang Edisyon, Quezon City
- Dungca, Bing C. (2015). Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral Tungo sa Pagpapa-unlad ng Wikang Filipino
- Felder, Richard (2010). "Classroom Learning Activities", Journal of North Carolina University
- Fernandez, Fricx Mhel A. & Lim, Frances S. Lim (2013), Pag-unawa sa Suliranin ng mga Di-Medyor na Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Sulatin Pananaliksik sa Kwalitatibong Pananaliksik. (Master's Thesis). Pamantasang Dela Salle, Dasmariñas City.
- Gannaban, Ma. Fe (2012). Isang Pagsusuri sa Persepsyon sa at Aktwal na Kahusayang Pampagtuturo ng Guro, *Dalumat Ejournal*, 3(1), 15-28
- Gaza, Joana Ingrid C. (2015), <https://www.scribd.com/doc/259271186/Ano-ang-Pananaliksik-at-ang-mga-Katangian-nito>
- Gregorio, Herman C. (1976). *Principles and Methods of Teaching*, Quezon City: RP Garcia Publishing Co.
- Good, Carter V. (1985). *Dictionary of Education*, New York McGraw Hill Co.
- Guadalupe, P. (2014). "Ang Wika ay Isang Bahagi ng Komunikasyon", naakses noong Mayo 3, 2019 sa <https://www.scribd.com/doc/22462360/Ang-Wika-Ay-Isang-Bahagi-Ng-Pakikipagtalastasan1>
- Guitart, Josefa et. al (2013). "Analysis of Students Questionnaires after Implementation of Research-Based Activities on the Acquisition of Science Competencies using Sensors to Real Classrooms", naakses noong Mayo 6, 2019 sa [http://www.esera.org/media/eBook.2013/strand%204/guitart\\_march14.pdf](http://www.esera.org/media/eBook.2013/strand%204/guitart_march14.pdf)
- Gurney (2007). "Ang Guro ay may Kahandaan sa Kanyang Pagtuturo", naakses noong Mayo 3, 2019 sa <https://www.academia.edu/26942466/LAWAK>
- Jocson, Magdalena O. et. al (2005). Filipino 2. Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik, Quezon City: Adriana Printing Co., Inc.
- Lachica, Veneranda S. (2008). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik, GMK Publishing House
- Mariño, Nucielee T. (2010), "Development and Acceptability of Laboratory Manual in Chemistry", Unpublished Master's Thesis, University of Rizal System, Morong, Rizal
- Marmay, Bai-Rhema S. (2011), hinalaw mula sa <https://www.scribd.com/document/354172082/teknolohiya>
- Mayor-Asuncion, Amur (2018), "Ang Komunikasyon Bilang Pagbubuo ng Sarili, Academia, naakses noong Mayo 4, 2019 sa [https://www.academia.edu/14528617/Ang\\_Komunikasyon\\_Bilang\\_Pagbubuo\\_ng\\_Sarili](https://www.academia.edu/14528617/Ang_Komunikasyon_Bilang_Pagbubuo_ng_Sarili)
- Quijano, Helen A. (2008). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik, PUP Ata. Mesa, Maynila
- Ramos, Ermilyn P. (2012), Tradisyunal na Pamamaraan at Instruksiyon Modyular sa Pagtuturo ng Filipino : Isang Komparatibong Pagsusuri, *3rd International Conference for Filipino as a Global Language*, De La Salle University, Malate, Manila
- Salviejo, Edwin I., Aranes, Fidela Q., & Espinosa, Allen A. (2014), "Strategic Intervention Material-Based Instruction, Learning Approach and Students' Performance in Chemistry", Student Paper, Manuel S. Enverga University, Lucena City
- Sarmiento, Danilo H. & Orale, Roland L. (2016), *Journal of Academic Research*, Samar State University, 1(3), 12-23
- Yuan-Hsuan, Lee, et. al (2011). "Revisit the Effect of Teaching and Learning with Technology" Institute of Education, National Chiao Tung University, Hsinchu City 300, Taiwan
- Van-Ingen, J. (2013). Pagtatasa sa mga Antas Pagganap para sa mga Kandidato sa Pagtuturo", naakses noong Marso 12, 2019 sa <https://www.discogs.com/artist/3270942-Joey-van-Ingen>
-

Zafra, Galileo S. (2016). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12), *Katipunan : Filipino Bilang Disiplina*, 1-26 [www.wikipedia.com](http://www.wikipedia.com) 1987 Constitution Article IV, Section 6, Batas Pambansa Blg. 231 (Education act 1982)

